Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Pagakapanganak Kay Hesus

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: M. Maillot

Ibinagay ni: E. Frischbutter at Sarah S.

Isinalin ni: Christie Arpin

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Noong matagal na panahon, pinapunta ng Diyos ang anghel na si Gabriel kay Maria, isang jewish na dalaga. Para sabihin, "Ikaw ay magkaka-anak na lalaki at papangalanan siyang Hesus. Siya ay tatawaging Anak ng Pinakamataas. Maghahari siya magpakay-lanmanman."



Nagtaka si Maria. Tinanong niya, "Paano ito mangyayari, ako ay walang asawa? Sinabi ng anghel na ang sanggol ay manggagaling sa Diyos."

At sinabi din ng anghel kay Maria na ang pinsan niyang si Elizabeth ay magkakaanak din kahit siya ay matanda na. Ito rin ay isang mirakulo. Pagkaraan ng pangyayaring ito ay binisita ni Maria si Elizabeth. At pinuri nilang dalawa and Diyos.

Nang malaman ni Jose na buntis si Maria, nabahala at nalungkot siya. Nagisip at nagisip siya dahil alam niyang hindi siya ang ama.

Sa kanyang panaginip sinabi ng anghel ng Diyos, na ang sanggol ay mirakulo ng Espiritu Santo, nanggaling sa Diyos at huwag siyang mabahala.



Naniwala si Jose at sumunod sa kagustuhan ng Diyos
Sumusunod din siya sa batas ng bayan. Kasama si Maria, kailangan nilang pumunta sa Bethlehem para magpa rehistro at magbayad ng buwis.

Doon na inabutan ng panganganak si Maria. Naghanap sila ng nag-hanap ng bahayupahan ngunit wala silang mahanap na lugar. Kumatok sila sa mga nagpapaupa ngunit
kahit isa ay walang bakante.

Niyaya ni Jose na pumunta na lang sila sa
sabsaban ng mga tupa.

Ang mga tagapag-alaga ng mga tupa ay nasa malapit din at sinabi ng anghel ng Diyos sa kanila
"Magandang balita. Ipinanganak sa inyo ang isang
Tagapagligtas. Siya ang Hesus Cristo-Panginoon.

At dumating pa ang maraming anghel,
masaya sila na nagpupuri sa Diyos at
nagsasabi, "Luwalhati sa Diyos na
kataastaasan,
sa lupa ay
kapayapaan,
sa mga tao ay kaluguran."

Nagmadaling pumunta and mga tagapag alaga ng tupa sa sabsaban at pagkatapos nilang makita ang sanggol ay ipinamalita nila sa lahat ang kanilang nasaksihan.


Pagkatapos ng walong araw, dinala ni Jose at Maria si Hesus sa templo. Nakita ni Simeon ang sanggol at pinuri niya ang Panginoon. Ganoon di si Anna, isang matandang tagapag-lingkod sa Diyos ay nagpasal-amat din sa Panginoon.

Masaya sila dahil naniniwala sila
na narito na ang pangako, si
Hesus ang Anak ng Diyos,
ang Tagapagligtas.

Makaraan ang ilang araw, may mga "wise men" na gusto nilang malaman kung nasaan ang pinanganak na sanggol. "Gusto naming sambahin Siya, Hari ng mga Hudyo."

Narinig ito ni Herodes. Naligalig siya at sinabi niya sa mga wise men na pag natagpuan nila ang sanggol na Hesus ay sabihin sa kanya at sasamba rin siya. Pero ang totoo ay gusto niyang ipapatay ito.



Huminto ang nangunang bituin na nag gabay sa mga wise men sa tapat ng bahay na kinaroroonan ni Hesus. Sila ay lumuhod at nagpuri sa Panginoon. Sila ay naghandog ng ginto at mahahaling pabango.

Ng pauwi na sila, binalaanan ng Diyos na mag iba sila ng daan at huwag silang bumalik kay Herodes. Nang malaman ni Herodes na siya ay nalinlang, labis siyang nagalit at pinapatay niya ang lahat na lalaking sanggol

sa Bethlehem at kapaligiran.

Pero hindi masaktan ni Herodes ang Anak ng Diyos. Binalaanan sa panaginip si Jose, na sila ay pumunta, at magtago sa Eqipto.


Nang namatay na si Herodes ay
nagbalik sila Jose, Maria at Hesus at sila ay
tumira sa Nazareth,malapit sa dagat ng Galileo.

Ang Pagakapanganak Kay Hesus

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Mateo 1-2; Lucas 1-2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130



Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16